# Mga Kinakailangan sa Pampublikong Kalusugan para sa Pansamantalang Paggamit ng Mga Sasakyang Panlibangan at Mga Mobile na Tahanan sa mga Ari-arian na Naapektuhan ng Sunog

Enero 1, 2025

ENVIRONMENTAL HEALTH

COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

Habang muling itinatayo mo ang iyong tahanan, maaaring gamitin ang isang Sasakyang Panlibangan (Recreational Vehicle, RV) o Mobile na Tahanan para sa pansamantalang pabahay. Bago gumamit ng pansamantalang pabahay, suriin sa iyong mga lokal na departamento sa pagpaplano ng lungsod para sa mga kinakailangan at mga pag-apruba. Ang mapagkukunang gabay na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan para sa pansamantalang pabahay.

## PAGTATAPON NG BASURANG TUBIG

**Programa sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar:** (626) 430-5380

Upang makakuha ng pag-apruba mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan (Department of Public Health, DPH) para sa pagtatapon ng basurang tubig mula sa isang Sasakyang Panlibangan (Recreational Vehicle, RV) o Mobile na Tahanan, mangyaring isumite ang sumusunod na dokumentasyon para sa pagsusuri:

| | | |
|---|---|---|
| Kabilang sa **Mga Sasakyang Panlibangan (Recreational Vehicles, mga RV)**, ngunit hindi limitado sa mga motorhome, ang mga travel trailer, mga camping trailer, mga fifth wheel trailer, o mga truck camper. | **Opsyon 1** | Upang magamit ang kasalukuyang septic na sistema sa ari-arian, mangyaring isumite ang sumusunod na dalawang mga pormularyo:<br>1. Ang "**Pormularyo sa Pagusuri ng Mga Pagrerepaso ng Proyekto para sa Umiiral na Sistema sa Paggamot ng Tubig sa Lugar [Evaluation Form for Existing Onsite Water Treatment System (OWTS) Project Reviews]**" na kinumpleto ng isang Kwalipikadong Kontratista (Qualified Contractor, QC) ng septic na sistema. Ang QC ay isang indibidwal na may hawak ng isang balidong Lisensya ng Kontratista ng California bilang: Class A, C 42, or C 36.<br>at<br>2. Ang "**Aplikasyon sa Pagrerepaso ng Sistema sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar [Application for Onsite Wastewater Treatment System Review]**", bago ang (mga) pag-apruba ng DPH* at ang nauugnay na bayarin na $167 sa Programa sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar.<br>**Ang parehong mga pormularyo ay makukuha sa:** http://publichealth.lacounty.gov/eh/business/septic-systems.htm. |
| | **Opsyon 2** | Upang mai-bomba ang holding na tangke ng iyong RV sa lugar, mangyaring magbigay ng kopya ng kasalukuyang kontrata sa isang kumpanya ng pagbomba ng dumi ng imburnal na lisensyadong magpatakbo sa Los Angeles County. |

| | |
|---|---|
| **Mga Mobile na Tahanan** | Upang magamit ang kasalukuyang septic na sistema sa ari-arian, mangyaring isumite ang sumusunod na dalawang mga pormularyo:<br>1. An "**Pormularyo ng Pagsusuri para sa mga Pagrerepaso ng Proyekto ng Umiiral na OWTS [Evaluation Form for Existing OWTS Project Reviews]**" kinumpleto ng isang Kwalipikadong Kontratista (Qualified Contractor, QC) ng septic na sistema. Ang QC ay isang indibidwal na may hawak ng isang balidong Lisensya ng Kontratista ng California bilang: Class A, C 42, or C 36.<br>at<br>2. Ang "**Aplikasyon sa Pagrerepaso ng Sistema sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar [Application for Onsite Wastewater Treatment System Review]**", bago ang (mga) pag-apruba ng DPH* at ang nauugnay na bayarin na $167 sa Programa sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar.<br><br>**Ang parehong mga pormularyo ay makukuha sa:**<br>http://publichealth.lacounty.gov/eh/business/septic-systems.htm. |

***Ang mga septic na sistema lamang na may paunang pag-apruba mula sa DPH o ng lokal na Departamento ng Gusali at Kaligtasan (Building and Safety Department, B&S) ang kwalipikadong magamit para sa pansamantalang pabahay na sasakyan. Upang humiling ng kopya ng naunang pag-apruba ng septic na sistema, kontakin ang Programa sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar o sa iyong lokal na departamento ng Gusali at Kaligtasan.**

## INUMING TUBIG

**Programa sa Inuming Tubig:** (626) 430-5420

Upang makakuha ng pag-apruba mula sa DPH para sa paggamit ng isang permanenteng pinagkukunan ng inuming tubig, mangyaring isumite ang sumusunod na dokumentasyon para sa pagsusuri:

- Kung pinaglilikuran ka ng palingkurang-bayan ng tubig (hal., Waterworks Districts, Las Virgenes Municipal Water District, atbp.), mangyaring **magsumite ng isang kopya ng iyong bayarin sa tubig** bilang bahagi ng iyong aplikasyon sa **Departamento ng Panrehiyon na Pagpaplano (Department of Regional Planning, DRP)**.
- Kung tumatanggap ka ng inuming tubig mula sa isang balon ng tubig na matatagpuan sa iyong ari-arian:
  - Mangyaring magsumite ng nakumpletong "**Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon**" sa Programa sa Inuming Tubig para sa pagsusuri at pag-apruba. Ang "Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon" ay makukuha sa http://publichealth.lacounty.gov/eh/safety/small-water-systems-wells.htm.
  - Pagkatapos aprubahan ang "Aplikasyon para sa Muling Paggamit ng Balon", ang Programa sa Inuming Tubig ay maglalabas ng ng **Sulat sa Pagkakaroon ng Tubig** para sa pagsusumite ng iyong aplikasyon sa DRP.

Kung mayroon kang natatanging mga pangyayari o nangangailangan ng anumang karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang **Programa sa Paggamot ng Basurang Tubig sa Lugar** sa **(626) 430 5380.**

-